



Republic of the Philippines
Department of Health
FOOD AND DRUG ADMINISTRATION



FDA ADVISORY
No. 2020-1377-A

13 OCT 2020

PARA : SA LAHAT NG HEALTHCARE PROFESSIONALS AT SA PUBLIKO

PAKSA : Babala sa Publiko tungkol sa Paggamit ng mga sumusunod na Beripikadong Pekeng Gamot na:

1. Mefenamic Acid (Ponstan®) 500mg Tablet
2. Loperamide (Diatabs®) 2mg Capsule
3. Carbocisteine (Solmux®) 500mg Capsule
4. Phenylephrine HCl / Chlorphenamine Maleate / Paracetamol (Neozep® Forte) 10mg/2mg/500mg Tablet

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng mga sumusunod na beripikadong pekeng gamot:



TUNAY/AUTHENTIC



PEKE/COUNTERFEIT



Peke/Counterfeit – Ang hitsura ng tableta na may nakaukit na letra ay hindi tugma sa rehistradong gamot.

Larawan 1. Paghahambing sa Peke/Counterfeit at Tunay/Authentic na Mefenamic Acid (Ponstan®) 500mg Tablet (Lot no. 429-30228A with Expiry Date SEP 2024)

TUNAY/AUTHENTIC



PEKE/COUNTERFEIT



Peke/Counterfeit – Ang logo, security mark, knurling, kulay at hitsura ng gamot ay hindi tugma sa rehistradong gamot.

Larawan 2. Paghahambing sa Peke/Counterfeit at Tunay/Authentic na Loperamide (Diatabs®) 2mg Capsule (Lot no. U018407)

TUNAY/AUTHENTIC



PEKE/COUNTERFEIT



Peke/Counterfeit – Ang logo, security mark, knurling, kulay at hitsura ng gamot ay hindi tugma sa rehistradong gamot.

Larawan 3. Paghahambing sa Peke/Counterfeit at Tunay/Authentic na Carbocisteine (Solmux[®]) 500mg Capsule (Lot no. U089493)

TUNAY/AUTHENTIC



PEKE/COUNTERFEIT



Peke/Counterfeit – Ang logo, security mark, knurling, kulay at hitsura ng gamot ay hindi tugma sa rehistradong gamot.

Larawan 4. Paghahambing sa Peke/Counterfeit at Tunay/Authentic na Phenylephrine HCl / Chlorphenamine Maleate / Paracetamol (Neozep® Forte) 10 mg/2 mg/500 mg Tablet (Lot no. U261217)

Ang lahat ng *healthcare professionals* at publiko ay binabalaan tungkol sa paglipana ng mga nasabing pekeng gamot sa merkado na maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng mga gagamit nito. Ang publiko ay pinapaalalahanan ring bumili lamang sa mga establisyementong lisensyado ng FDA.

Gayundin, ang lahat ng establisyemento ay binabalaang huwag magbenta ng mga pekeng gamot na nagtataglay ng mga nasabing katangian. Ang pagaangkat, pagbebenta at pamamahagi nito ay paglabag sa *Republic Act No. 9711 or the Food and Drug Administration Act of 2009, and Republic Act No. 8203 or the Special Law on Counterfeit Drugs*. Ang sino mang mapatunayang nagbebenta ng nasabing pekeng produkto ay mapaparusahan.

Hinihiling sa lahat ng *Local Government Units (LGUs) and Law Enforcement Agencies (LEAs)* na tiyaking ang pekeng produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaring mag-*email* sa info@fda.gov.ph. Upang mag-*report* ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga pekeng gamot, mag-*email* sa report@fda.gov.ph, o mag-*report* gamit ang aming *online reporting facility*, *eReport*, sa www.fda.gov.ph/ereport. Maaari ring tumawag sa *Center for Drug Regulation and Research* sa numerong (02) 8809-5596. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, *i-report* agad sa FDA gamit ang *link* na ito: <https://primaryreporting.who-umc.org/Reporting/Reporter?OrganizationID=PH> at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.


ROLANDO ENRIQUE D. DOMINGO, MD
Director General

DTN: 
20200908085136